Australian Government

NATIONAL BOWELCANCER SCREENING PROGRAM

Ang pagpa-screen sa kanser sa bituka

ay makakapagligtas sa iyong buhay

Ito ay isang mapagkukunan na dapat ninyong basahin nang magkasama ng iyong doktor.

Ang kanser sa bituka ay pangalawang pinakamalaking pumapatay na kanser sa Australia,

SUBALI'T MAHIGIT SA 90%

ng mga kaso ay matagumpay na nagagamot kung matuklasan habang maaga pa.

Ikaw ba ay nararapat?



- ☐ **Nasa edad 45 hanggang 49 taong gulang**

Makakahiling ka ng iyong unang libreng kit sa online, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **National Cancer Screening Register (NCSR)** sa **1800 627 701.**



- ☐ **Nasa edad 50 hanggang 74 taong gulang**

Ikaw ay otomatikong padadalhan sa pamamagitan ng koreo ng isang **libreng kit na pagpa-screen sa kanser sa bituka** bawa't 2 taon.



- ☐ **Nasa edad 45 hanggang 74 na taong gulang**

Sa pamamagitan ng makakapalit na access sa modelo ng mga kit ng programa, ang ilan sa mga doktor ay makakapagbigay sa iyo ng isang kit.

Ano ang pagpa-screen sa kanser sa bituka?

Ang simpleng pangsuri sa bahay ay naghahanap ng maliliit na bakas ng dugo sa iyong dumi, na maaaring maagang senyales ng kanser sa bituka bago pa lumabas ang anupa mang mga sintomas.

Ang home test kit ay dapat gamitin ng mga taong walang senyales o mga sintomas ng kanser sa bituka.

Ang mga kit ay mayroong petsa ng pagkapaso nang hanggang 12 buwan, ngunit makakahiling ka ng libreng kapalit kung nawala mo ang sa iyo o nagpaso na.

Alamin ang karagdagan:

health.gov.au/nbcsp

o tumawag sa Rehistro ng Pambansang Pag-screen sa Kanser (National Cancer Screening Register) sa **1800 627 701**


Kung kailangan mo ng isang interpreter, mangyaring tumawag sa **13 14 50**

Itong mga mapagkukunan ay makukuha sa iba pang mga wika

Ano ang susunod na mangyayari

Kung nagpasiya kang gawin ang pagpa-screen sa kanser sa bituka, narito ang dapat na asahan:


1



Ang kit

Makakatanggap ka ng isang test kit sa pamamagitan ng koreo o galing sa iyong doktor, na gagawin mo ang pagsusuri sa bahay. Naglalaman ito ng mga instruksyon, 2 pangkolektang tubo at naitatapon sa kubeta na pansapin sa inidoro. Ilagay ang kit sa banyo na matatandaan mong doon gagawin.

2



Kumuha ng 2 mga sample

- Isulat ang iyong mga detalye doon sa pangkolektang tubo.
- Umihi muna, pagkatapos ay ilagay ang pansapin sa inidoro sa loob ng inidoro para masalo ang tae.
- Ikuhit ang dulo ng pagkolektang patpat sa tae para makakuha ng kaunting sample, pagkatapos ilagay ito sa tubo at isarang mabuti.
- Itago ang tubo sa isang malamig na lugar tulad ng iyong fridge (hindi freezer).
- **Ulitin ang ganitong proseso para sa pangalawang tubo na lalagyan ng sample ng tae.**

3



Ipadala sa koreo ang mga sample para masuri

Isulat sa porma ang mga detalye ng kalahok. Ilagay ito sa ipinadalang reply-paid na sobre kasama ang 2 nakumpletong mga tubo ng sample. Kumpletohin na ma-tsek ang listahan sa likod ng sobre at ipadala sa koreo sa loob ng 24 oras.

Paano makakatulong ang iyong doktor

Maii-tsek ng iyong doktor kung ikaw ay dapat nang magpasuri, ipaliwanag ang mga benepisyo ng pagpa-screen, kung paano gagawin at pag-usapan kung anumang mga pag-aalala o kasaysayan sa pamilya. Makakatulong sila sa iyo sa pagpapasya kung ang pagsusuri ba ay tama sa iyo batay sa kasalukuyang ebidensya at iyong personal na kagustuhan.

Australian Government

NATIONAL BOWELCANCER SCREENING PROGRAM

Para sa karagdagang impormasyon:

health.gov.au/nbcsp

o tumawag sa National Cancer Screening Register sa **1800 627 70**